




# INTRODUKSIYON / INTRODUCTION



# MGA KATOTOHANANG HALF-MEANT, AT KUNG KAILAN HINDI NA BIRO ANG BIRO:

*Pagpapakilala sa Dx Machina 4*

**VLADIMEIR B. GONZALES**

UMAMIN KA NA sa crush mo kasi 20,000 positive cases na tayo kada araw.

Isa ito sa maraming mga birong nakukuha bilang memes o mga viral na kombinasyon ng salita at larawan (minsan video, basta malawak at mabilis ang pagkalat). Twitter at Facebook ang mga birtuwal na lunang madalas na nagluluwal ng mga nakahahawang hirit na ito. At mula sa patawang sundot, may paramdam din ang paghahayag patungo sa isang katotohanang tila nagsasabing "nalalapit na ang pagtatapos." Marami pa ring malabo, pero ang malinaw, ang malapit nang magtapos ay hindi itong pandemya o kung paano ito "pinagagaling" ng ating pamahalaan.

Naimungkahi noon ni José Ortega y Gasett, isang iskolar sa pagsasalin, na ang wika ay maaaring ituring bilang isang biro o joke. Biro, dahil ang mga simbolong nanghuhuli ng kahulugan ay nawawala sa kanyang panahon, at nagpapatuloy pa rin ang pagkonsumo at paggamit ng wika kahit nalilihis o nawawala siya sa pinaghugutang sandali, sinasalita

kahit naiba na ang diwa. Ipinapaalala ng pag-aaral na ito, halimbawa, ang paggamit ng mga salitang “sunset” o “sunrise” sa panahong batid naman ng lahat (o batid na ng iba) na hindi aktuwal na humihimlay o bumabangon ang araw—umiikot lamang ang mundo habang iniikutan din nito ang pinagmumulan ng liwanag, at ang ilusyon ng angat at baba ay dulot ng di natatapos na serye ng mga pag-inog o rotasyon ng bilog na mundo. Sa puntong ito, naaalala ko na ang mga banat at pagkutya sa mga taong walang pananalig sa mundong hugis-bola o bilog, dahil kung tunay nga ito’y bakit laging patag at iisang anggulo lang ang nakikita ng mga mababaw ang tanaw? Inaasahan ko na rin ang pagtatanong ng mga mambabasa kung kailan maisisingit ang paghahayag na ayon nga sa iba, lahat ng biro, half meant.

Biro ang mga salita dahil sa paggamit nito, sa paglipas ng panahon, sa paglipas ng *kanyang* panahon, natutukoy natin ang mga bagaheng bitbit nito na maaaring sinasadya o aksidenteng mga pasanin, mga bigat na maaaring pakawalan at ipahinga. Maaaring isipin ang mga pagkakataong maeengkuwentro ang salitang “diyos” at papasok sa imahinasyon ang larawan ng isang maputing lalaki, madalas mukhang nagmula sa Amerika o Europa, o kung paano ginagamit sa mga talumpati at sanaysay ang “haring araw” kahit wala namang ari ang “haring” tinutukoy. Maaaring ipagpatuloy itong biro sa kasalukuyang ikinakabit ang salitang “diyos” at ang mga milagrong kaakibat nito sa mga tatak na maaaring hindi naman itrato bilang diyos—pulis, pulitiko, spokesperson, pangulo. Sa pag-aaral tungkol sa mga biro ng salita, nagiging malay ang tagabasa o tagapakinig sa ilang hindi pagkakapantay-pantay. Nagiging malay siya sa mga ahensiyang nagluluwal at nagmamaniobra ng mga kahulugan. Nagiging kritikal siya sa mga pagkukulang o pagkakamaling nararapat na punuan o iwasto. Basta may puwang sa dagdag na pagkukuwento. Sa pagpapatuloy ng pakikipag-usap, natutukoy kung saan at paano nagiging biro ang biro, at kung sinusuwerte (suwerte sa nagsasalita, suwerte sa nakikinig, suwerte sa kaligirang nagbibigay ng iba’t ibang angat o bagsak ng tagapagsalita at tagapakinig), umaabot ang kuwentuhan sa puntong ang mga biro ay naikakabit na sa mga katotohanan.

Itong ekstensiyon ng mga biro ay naglalaro sa dalawang implikasyon—ekstensiyon sa pagpapatuloy ng pakikipag-usap, at ekstensiyon na pagsasalin o paglilipat ng sarili sa sitwasyon ng kausap o/at pinag-uusapan. Kinikilala ang mga salitang nawawala-sa-ayos. Sinisikap nating naglalaan ng panahong magsawika, magsalita, magsulat, magbasa, at

*Maraming WALA-SA-AYOS sa ating umaandar na KASALUKUYAN, kahit may mga nagsasabing walang dapat IPAG-ALALA. May biro sa pagitan ng mga hindi pagkakatulad ng PAGHAHAYAG.*

makinig, kung sa anong mga bahagi ng panahon lumihis ang gamit ng wika, o sa anong mga yugto nagmaniobra ang gumagamit nito upang mag-iba ang mga salita mula sa nakagisnang kahulugan. Sa usapin ng mga tatak at paghahayag na maaaring baklasin, hindi maitatanggi ang pagiging sagana ng mga salita sa panahon ng pandemya. Sa unang labas ng ating antolohiya, ang mga late night press conference na naging comedy show at pagtatatak sa mga pasaway ang ilan sa mga birong nagdulot ng ngitngit sa atin; ngayon, tadtad tayo ng urong-sulong na mga bersiyon ng lockdown (ECQ 2.0 to ECQ to sawa with granular emerut, and many others).

Kaya marahil sa introduksiyon ng isyu bago ang antolohiyang ito, may bagaheng babala ang pagbanggit ng mga salitang "habang isinusulat ito." Malingat lang kasi, may iba nang naganap. Mabilis magpalit ang ating

*Mahirap ITAKDA ang pinal na anyo ng KAWASTUHAN, pero naniniwala akong ang dulo at ang pagtatapos sa WIKA-BILANG-BIRO ay naroon sa puntong napapaalala ang ilang mga KATOTOHANANG lapat sa danas ng NAKARARAMI . . .*

kasalukuyan ng mga eksena at pagwiwikang nagtatanghal ng pagiging wala-sa-ayos. Ako, sa puntong isinusulat ito, ay nakasagap na ng balita tungkol sa dating housemate ng isang reality TV show na naging beauty queen na nagkukuwento tungkol sa kanyang weekly allowance na 1,000 pesos, sa panahong kulang o walang natatanggap na benepisyo ang mga health worker at iba pang frontliner; nagsusulat ako sa panahong bagaman kasindak-sindak ang pagtaas ng positibong mga kaso ay may pagtanggi pa rin sa Kagawaran ng Kalusugan na tawagin ang pagtaas bilang "surge;" kumakatha ako sa panahong habang hindi makasabay at tuluyang makabalik ang ating mga guro at mag-aaral sa mga ideyal na kondisyon para makapagturo at makapag-aral, binubuksan ng ating tagapamuno ng Kagawaran ng Edukasyon ang akademikong taon gamit ang mga salitang "victory" at "success." May paghihiwalay sa pagpapahayag ng mga nasa posisyon ng kapangyarihan at pribilehiyo,

mula sa kanilang espasyo ng ginhawa at kapanatagan patungo sa mas maraming bilang ng taong hindi ganito ang pag-unawa at pagwiwika sa mundo. Maraming wala-sa-ayos sa ating umaandar na kasalukuyan, kahit may mga nagsasabing walang dapat ipag-alala. May biro sa pagitan ng mga hindi pagkakatulad ng paghahayag.

Sa ikaapat na bersiyon nitong *Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, nakikipagbuno at nakikipaglarong muli ang mga tampok na manunulat at akda sa mga ambag at limitasyon ng malikhaing pagsulat sa panahon ng matinding krisis pangkalusugan at pampamunuan. Sa halos dalawang taon ng iba't ibang tawag para sa lockdown, binabalanse nating lahat ang katiting na pasensiyang lalong pinaliliit ng mga hilaw na granular lockdown, habang nagkakahawahaan na hindi lamang ng aktuwal na virus kundi sa ating naiipong hinagpis, dalamhati, sakit, desperasyon, pangungulila, lahat ng puwedeng itawag para sa kawalan ng pag-asa. Nasa kasalukuyan tayong lumala ang mga dati nang malubha, at may pakiramdam na malayo pa ang lahat ng mga inaasam na bakas ng kapanatagan at ginhawa. Marami tayong idinadaan sa biro, pero ang bigat ng loob—iyan ay katotohanang lampas na sa harang ng pagiging half meant.

Marahil, tangkang ekstensiyon itong *Dx*, dahil muli'y tinatangkang ipagpatuloy ang usapan nang lampas sa itinatakda ng mga ulat at pabatid ng ating mga opisyal na tanggapan. Nangangahas dalhin ng mga akda ang pagwiwika sa mga direksiyong kung hindi iniiwasan, maraming balakid naman para makarating sa nais paroonan. Binabatak at nilalaro sa abot ng makakaya nitong mga manunulat ang kanilang gamit ng salita, upang makapagbukas ng mga tanong at danas na maaaring mapasukan ng mas maraming bilang ng mambabasa. Tinutumbok ang mga istorya at paghahambing sa danas ng pandemya mula sa mga tindig na wala-sa-ayos, patungo sa mga pananaw kaugnay sa pagbabalik-sa-wasto. Mahirap itakda ang pinal na anyo ng kawastuhan, pero naniniwala akong ang dulo at ang pagtatapos sa wika-bilang-biro ay naroon sa puntong napapaalala ang ilang mga katotohanang lapat sa danas ng nakararami at marapat na ulit-ulitin dahil sa iba't ibang tangka ng pagbubura:

*Maraming pagkamatay na maaaring naiwasan.*

*May mga pagkukulang sa paggamot ng ating kondisyon mula sa ating pamahalaan.*

*Paano nga ba*
*IHIHINTO ang*
*magkakaibang bahagi*
*ng BUHAY kung*
*ang bawat bahagi'y*
*NAGDURUGO'T*
*humahalo sa bawat*
*PUNO'T DULO*
*ng kanya-kanyang*
*PIRASO?*

Kailangang singilin ang kinauukulan kaugnay sa mga matutukoy na pagkukulang.

Sa kalakhan—at maraming tao at pagkakataong mag-uulit nito—ang katapusan ng isang biro ay naroon sa puntong alam nating ang nawawalang buhay ay hindi ginagawang katatawanan. At sa gitna at lampas sa mga limitasyon ng malikhaing akda bilang laro ng mga salita, nagtitimbang at nagtatala ang *Dx* kaugnay sa mga sakit ng ating lipunang lalong pinalubha sa pagdating ng pandemya.

Nagbubukas ang antolohiya sa sanaysay na "Run" ni Gideon Lasco. Mainam na demonstrasyon ito sa mga pagtatangka nating hanapan ng mga bakas ng "normal" ang ating kasalukuyan, sa pamamagitan ng unti-unting paghakbang patungo sa mga ritwal at proyektong may mga munting bakas ng tagumpay. May bitbit na sakit ang piyesa dahil multong nagpaparamdam sa paligid ang COVID-19, multong nasususpindi ang presensiya sa paggalaw, sa paglayo sa ilang mga nakasanayan, sa paglapit sa mga bagong planong palagi namang kaakibat ng di maiwan-iwanang

dating buhay. Itinatanghal ng piyesa ang kolektibong pag-asam nating makabalik sa dati, habang kinikilalang may kasalukuyang hindi pa rin naman talaga natatakasan.

At ang kasalukuyang ito'y ikakalampag ng mga mga piyesang "Ang Social Distancing Dito sa Amin / Ang mga Bakanteng Kama / Kung Panahon Lang ng Eleksiyon," "Kahon-kahon," "COVIDagli," at "Tatlong (o ilan nga bang) patanggap sa Maginhawa noong minsang naging reporter" nina Ansherina May D. Azul, Iza Reyes, Beverly W. Siy, at Benjo Gutierrez. Ang distansiya sa pagitan ng mga pinuno at ng masa (lumalayo o lumalapit depende sa layo o lapit ng panahon ng kampanya), ang danas ng gurong mga screen ng computer na lamang ang kausap sa araw-araw, at ang kawalan ng sariling pagkakakitaan habang nakikiusyoso rin sa buhay nilang mga nakapila sa community pantry, ito ay mga larawan at tinig na pabatid sa lagkit at lungkot ng ngayon.

Bakuna ang isang pananda ng ating "ngayon" na susi sa maraming mga pabuya at panibagong usapin. Sa "Mga Pilas ng Danas sa Bakuna at Opera sa Panahon ng Pandemya" ni David Michael San Juan at sa "A Partial List of the Vaccinated" ni Vincen Gregory Yu, iminumungkahi at ipinapaalalang muli sa atin ang ideya ng bakuna at iba pang bakas ng ginhawa bilang "pasaporte" imbes na "karapatan." Sa ating kasalukuyan, ang gamot na para sana sa lahat ay nagiging usapin ng sino ang kayang magbayad para sa accessibility, o sino ang may kakilala o malapit sa kinauukulang may hawak ng hinahanap-hanap na lunas.

Sa "Saradong Mundo," "Before Contact," at "Tungkol sa Tandug: Ilang Tala" nina Vijae O. Alquisola, Christian Ryan Ram Malli, at Genevieve Asenjo, makikita ang mga laro at biro sa usapin ng pagdidikit, paglalapit, at paghipo. May iniaalis na pakiramdam ng pagdudugtong ang pandemya, bagaman sa dulo ay nagtatanghal pa rin ito ng paghahati sa mga usapin ng uri at kapangyarihan. May ganitong uri din ng pag-uugnay sa mga piyesang "Buhay si Jesus," "Exceptions," at "Puhon" nina Ariel Sotelo Tabag, Abigail C. James, at Jay Jomar Quintos. May paghiraya at pagtatasa ang mga akda sa paglalapit ng mga tao at karanasan, habang nilalaro / nakikipaglaro sa kaligiran ng pandemyang naliligiran din naman ng iba't iba pang mga aspekto ng ating buhay (pagnanasa, pag-ibig, pakikipagkapwa). Paano nga ba ihihinto ang magkakaibang bahagi ng buhay kung ang bawat bahagi'y nagdurugo't humahalo sa bawat puno't dulo ng kanya-kanyang piraso?

*Nabubuhay tayo sa panahon at daigdig na MANIPIS at NAKALILITO ang mga TABING at HARANG na naghahati't naghihiwalay sa BIRO, KATOTOHANAN, sa PAGKABIGO at paghahanap ng PAG-ASA.*

Sa dagsa ng maraming balita ng pagkakahawa at kamatayan, malaking hamon ang mapag-iba o maisalansan ang mga pangarap, tao, at istoryang dapat unahin. Ang personal at ang pagkakabit ng pansarili sa panlahat, hamon at bagahe itong bitbit kasabay ng pakikipagbuno sa mga salitang huhuli sa ating mga nararanasan, lalo sa panahon ng pandemya. May malaking papel ang pananalig, pero ang kaligirang may krisis pangkalusugan at pampulitika ang magdidikta ng lalong pagpapalabo sa ating mga prayoridad. Angkop na basahin ang "Tatlong Kalahati" ni Noel R. del Prado, "Angelus, mga tula," ni Andre Ramirez Gutierrez, at "Huwad" ni Adrian Pete Medina Pregonir. Bukod sa imbestigasyon ng pananampalataya at kawalan ng tiwala, panawagan din ang mga piyesa sa isang klase ng pagbasang alerto, mapaglimi, handa sa mga patibong.

Hindi istatiko ang mga kahulugan at may labanan para sa paggiit ng katotohanan. Sa panahong lumalabo ang totoong buhay at kathang-isip, ang paghinga at pagbabalik sa sentro ang maaaring ialok ng paglikha ng panitikan. Naitatampok ang laro't gerang ito sa "Dream of the Ruins" ni Clarissa V. Militante, at "Water Has Many Faces" ni Rey A. Isidto. Katulad ng pagbangon mula sa matagal na paghimlay, o pag-angat mula sa matagal na paglubog, may ideya ng pagkalito, pagkalunod, at paghahagilap ng matutuntungan o mababalikang sentro ang daloy ng kanilang naratibo. May pagpaparamdam na ang susi sa hiwaga ay ang kakayahang iugnay ang kasalukuyan sa nakapalibot ditong kahapon at bukas, at sa pagpapaalalang minsan, bagaman wala pang nakikitang resolusyon, may mababakas na kapayapaan sa pagkilala sa magkakahawig na tunggaliang nakikita sa sarili at sa ibang kapwa. Itong sining bilang pagbuno at pagpapakilala ng mga tunggalian ay ilalapat pang lalo sa piyesang "Ang Maging Artista sa Panahon ng Digma" ni Dayang Yraola. Mula sa paggamit ng internet bilang tagapamagitan sa manlilikha at tagatanggap, hanggang sa pagtatasa sa artista bilang eksperto, ang pagmumuni-muning ito ay napapanahong tangkang ihayag (at gaya ng maraming biro) ay maglatag ng mga karagdagang tanong kaugnay sa kung saan ilulugar ang panitikan at iba pang sining sa panahon ng COVID-19.

Sa huli, ekstensiyong humaharap at bumabaklas sa esensiya ng "pasaway" ang panulat ni Maria del Carmen Castillo. Ipinapaalala ng "Pasaway" bilang tula ang posibilidad na ariin at itakwil ang mga pantawag at pagpapakahulugan sa ating mga nararanasan. May halaga at may bisa ang paggigiit na may mga tao, istorya, at mga salaysay na higit ang pangangailangang mapakinggan at mabasa. Sa pagtula, sa pagsusulat, nagagawa nating maibalik ang silang/tayong binubura sa iba't ibang klaseng mapa ng gunita.

Nabubuhay tayo sa panahon at daigdig na manipis at nakalilito ang mga tabing at harang na naghahati't naghihiwalay sa biro, katotohanan, sa pagkabigo at paghahanap ng pag-asa. Ito ang tipo ng kaligirang magpapaalala sa mga pinapanood nating medical drama, sa bahaging sinasabihan na tayo ng bidang manggagamot na umuwi na, magpahinga na, o tawagan ang mahal, balikan ang mga mahalaga. Ngunit ang malaking joke nga, gusto man nating gawin ito sa ngayon, maaaring ang mga gustong hingahan ng dalamhati ang mismong may sakit o pumanaw, walang perang madukot sa bulsa para bilhin ang paboritong

*Kaya nga, kung may PAGKATUTO man mula sa halos dalawang taon ng PANDEMYA, iyon ay ang PAGPAPATULOY (kung hindi man PAGTINDI) ng DIGMAAN para sa PAGTATALA ng ALAALA at KAHULUGAN.*

pagkaing magpapakalma ng tiyan at puso, o lipas na ang oras para maglakad o tumakbo para mapatahimik ang napakamaalingasngas na isip at damdamin. Nabubuhay tayo sa panahong kahit isipin nating nasa palabas lang tayo sa sine o telebisyon, hindi tayo sigurado kung tayo pa ang bida.

Sa kabilang banda, sa hiwaga ng ekstensiyon, ng pagpapatuloy, ang mga kinakathang istorya sa TV man o sa pahina, sa sigasig at kakayahang magmaniobra ng kanya-kanyang panulat, ay umaabot sa puntong ang pinakaduhaging tauhan ay makababangon mula sa lusak, mahahanap ang kislap sa kanyang sarili, magfa-flashback lahat ng tao at eksenang nagdala sa kanya sa puntong bago ang pagtutuldok, mapapatay ang demonyong

kalaban na mahilig sa mga mahabang talumpati, at mababaligtad ang lahat ng kamalasan. Baka ang mahika ng panulat ay naroon din sa biro kaugnay sa pananalig—na ang lahat ay magkakatotoo habang may naniniwala, habang may kayang magpatuloy sa proseso ng pagtatala at pagpapaunawa, habang may magtatangkang makinig at magbasa patungo sa pagbaklas ng kahulugan. Maaaring ang katapusan ng mga birong naglalagay sa iba't ibang estado ng wala-sa-ayos ay ang patuloy na pakikipagtawaran na ang mga salita ay maaaring mangahulugan din ng kamatayan at buhay.

Kaya nga, kung may pagkatuto man mula sa halos dalawang taon ng pandemya, iyon ay ang pagpapatuloy (kung hindi man pagtindi) ng digmaan para sa pagtatala ng alaala at kahulugan. Maraming pondo para sa troll armies para "magpatotoo" sa pagkasapat ng ayuda, bakuna, kapanatagan, at kaayusan; lalong lumaki ang pera ng NTF-ELCAC na nagpapahiwatig na ang pagwiwika sa mga kalaban ng estado bilang komunista ang pinakamahusay na lunas sa pagsugpo ng pandemya; urong-sulong ang pamahalaan sa pagtatatak sa quarantine level na dapat igawad sa bansa, na parang ganoon lamang din kabilis ang pag-angkop ng mga mamamayan sa kung anumang pangalan ng impiyerno ang igagawad sa loob ng paparating na isa o dalawang linggong hindi na natatapos-tapos. Malakas ang kalaban, may pagkatotoo ito. Kaya, sa pagitan ng iba't ibang pagkalito, sa gitna ng mga duda sa halaga at ambag ng pagkatha at pag-alala sa mga panahong tulad nito, pinipili at pipiliin ng ilan sa atin ang magtatak at mag-alala sa ngalan ng pag-asa ng isang mas maayos na daigdig. Paghawak sa mga salita't paninindigang sa mahabang pakikipagsapalarang ito, ang mga nawawala sa ayos ay maibabalik sa kawastuhan. At sa pagsisimula ng paghilom, mag-uumpisa rin ang pag-alala sa mga marapat na singilin.

At kay Bhong na kaklase ko noong high school, oo crush talaga kita kaya kita ginawan ng tula sa diyaryo natin noon. Sana'y may ligaya pa ring dala sa iyo ang pakikinig kay Alanis.

Mabungang pagbaklas at pagbuo ng mga kahulugan sa ating lahat.